

ISYU, ISULAT MO!

Panuto: Magsaliksik ng napapanahong isyu sa Pilipinas. Sa isang buong papel, ilahad ito kasama ng iyong posisyon. Siguraduhin na ito ay binubuo ng tatlo hanggang limang talata. Tignan ang pamantayan sa pagmamarka sa ibaba.

RUBRIK:

Kategorya	Napakahusay (5)	Mahusay (4)	Katamtaman (3)	May pagkukulang (2)	Kailangan pang pagbutihin (1)
Nilalaman	Malalim at kumpleto ang pagtalakay sa paksa, may mga matibay na argumento at mga ebidensya na mahusay na sumusuporta sa posisyon.	May malinaw na pagtalakay sa paksa, may mga argumento at mga ebidensya na sumusuporta sa posisyon.	May mga aspeto ng paksa na napag-uusapan, ngunit may mga hindi gaanong malinaw na argumento o ebidensya.	Ang pagtalakay sa paksa ay bahagyang kumpleto, may mga argumento ngunit kulang sa mahusay na ebidensya.	Ang pagtalakay sa paksa ay bahagyang malinaw, kulang sa malalim na argumento at ebidensya.
Argumentasyon	Malinaw, makatwiran at may maingat na pagkakasunod-sunod.	Malinaw at makatwiran, may kaunting mga bahagi na kailangan ng paglililaw	May mga bahagi ng argumento na hindi gaanong malinaw o may mga hindi masyadong makatwiran na bahagi.	Ang argumento ay bahagyang kumpleto, ngunit may mga bahagi na kulang sa lohika o pagpapatibay	Ang argumento ay kulang sa malinaw na lohika at pagpapatibay.
Organisasyon	Maayos na istraktura, may malinaw na pagkakasunod-sunod ng mga bahagi.	Maayos na istraktura, may ilang bahagi na kailangan ng mas mahusay na pagkakaayos.	May mga bahagi ng papel na hindi gaanong maayos ang pagkakasunod-sunod.	Ang papel ay may bahagyang istraktura, ngunit may mga bahagi na labis na pagkakaayos	Ang papel ay may kakaunting istraktura at kahinaan sa pagkakasunod-sunod.
Estilo at Wika	Mabisang gamit ng wika, may matalinong pagpili ng mga salita at may mahusay na daloy ng pagsulat.	Mabisang gamit ng wika, may ilang bahagi na kailangan ng mas mahusay na pagpili ng mga salita o pagpapalawak ng mga ideya.	May mga bahagi ng papel na hindi gaanong mabisang gamit ang wika o may mga pagkakamali sa daloy ng pagsulat.	May kakaunting bahagi na hindi mabisang gamit ang wika at may mga pagkakamali sa daloy ng pagsulat.	May maraming bahagi na hindi mabisang gamit ang wika at labis na pagkakamali sa daloy ng pagsulat.